

Paksa: Patakaran sa Tulong Pinansiyal (Pangangalagang Pangkawanggawa) – Timog California	Patakaran Bilang: PSJH RCM 002 LAMKT	
Departamento: Pamamahala sa Revenue Cycle	<input checked="" type="checkbox"/> Bago <input type="checkbox"/> Nirebisa <input type="checkbox"/> Nirepaso	Petsa: 3/22/2019
Ehekutibong Isponsor: Kimberly Sullivan, SVP (Nakatataas na Bise Presidente) Punong Opisyal sa Revenue Cycle	May-ari ng Patakaran: Vicki Head, Direktor sa Pag-access ng Pasyente	
Inaprobahan ng: Lupon ng Mga Direktor ng Providence (Providence St. Joseph Health)	Petsa ng Pagpapatupad: 5/1/2019	

Ang Providence ay isang Katoliko at hindi pangkalakal na organisasyon para sa pangangalagang pangkalusugan na ginagabayan ng pagtuon sa Misyong nito na paglingkuran ang lahat, lalo na iyong mga mahirap at mahina, sa pamamagitan ng mga Pangunahing Pagpapahalaga nito tulad ng malasakit, dignidad, katarungan, kahusayan at integridad, at ang paniniwala na ang pangangalagang pangkalusugan ay isang karapatang pantao. Pilosopiya at kasanayan ng bawat ospital ng Providence na gawing handa ang mga agaran at medikal na kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga taong nasa komunidad na aming pinagsisilbihan, anuman ang kanilang kakayahan para magbayad.

SAKLAW:

Ang patakaran ito ay naaangkop sa mga ospital ng Providence - Timog California ("Providence") sa County ng Los Angeles sa estado ng California, at sa lahat ng pang-emergency, agaran at iba pang medikal na kinakailangang serbisyo na ibinibigay ng mga ospital ng Providence sa County ng Los Angeles (maliban sa pang-eksperimento o iniimbestigahang pangangalaga). Matatagpuan ang listahan ng mga ospital ng Providence na saklaw ng patakaran ito sa Eksibit A Listahan ng Mga Saklaw na Pasilidad.

Dapat bigyang-kahulugan ang patakaran ito sa paraan na nakaayon sa Seksiyon 501(r) ng Internal Revenue Code (Kodigo ng Rentas Internas) ng 1986, ayon sa pagsusog, at, nang may kinalaman sa Mga Ospital ng Providence sa California, sa Hospital Fair Pricing Policies (Mga Patakaran sa Patas na Pagpepresyo ng Ospital) na nakabalangkas sa California Health and Safety Code (Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California) (Seksiyon 127400-127446). Sa pangyayaring mayroong salungatan sa pagitan ng mga probisyon ng mga nasabing batas at ng patakaran ito, ang mga nasabing batas ang mangingibabaw.

LAYUNIN:

Layunin ng patakaran ito na tiyakin ang patas, walang diskriminasyon, epektibo, at ang unipormeng pamamaraan sa probisyon ng Tulong Pinansiyal (pangangalagang pangkawanggawa) sa mga kwalipikadong indibidwal na hindi makakapagbayad nang buo o nang bahagya para sa mga kinakailangang serbisyong medikal at pang-emergency at iba pang mga serbisyo sa ospital na ibinibigay ng mga ospital ng Providence.

Hangarin ng patakaran ito na sumunod sa lahat ng mga batas pederal, pang-estado at pang-lokal. Binubuo ng patakaran ito at ng mga programa sa tulong pinansiyal na nakapaloob sa dokumentong ito ang opisyal na Patakaran sa Tulong Pinansiyal (Financial Assistance Policy, FAP) at Patakaran sa Medikal na Pangangalagang Pang-emergency para sa bawat ospital na pagmamay-ari, pinapaupahan o pinapangasiwaan ng Providence.

PATAKARAN:

Magbibigay ang Providence ng libre o diniskuwentong mga serbisyo sa ospital sa mga kwalipikadong pasyente na may mababang kita, walang insurance at hindi sapat ang insurance at pasyenteng may mataas na

pangmedikal na gastusin na nasa o mas mababa sa 350 porsiyento ng FPL, kapag ang kakayahang magbayad para sa mga serbisyo ay isang hadlang sa pag-access ng pangangalagang pang-emergency na medikal na kinakailangan at iba pang pangangalaga sa ospital at walang natukoy na alternatibong mapagkukunan ng saklaw. Dapat matugunan ng mga pasyente ang mga kahingian sa kwalipikasyon na inilarawan sa patakarang ito upang maging kwalipikado.

Ang mga ospital ng Providence na may nakatalagang mga departamentong pang-emergency ay magbibigay, nang walang diskriminasyon, ng pangangalaga para sa mga emergency na medikal na kondisyon (na napapaloob sa kahulugan ng Emergency Medical Treatment and Labor Act (Batas sa Pang-emergency na Medikal na Paggamot at Paggawa)) alinsunod sa mga kakayahang mayroon, kwalipikado man ang indibidwal sa tulong pinansiyal o hindi. Walang diskriminasyon ang Providence batay sa edad, kulay, pananampalataya, etniko, relihiyon, pinagmulang bansa, kalagayang pang-sibil, kasarian, seksuwal na oryentasyon, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, kapansanan, pagiging beterano o katayuan sa militar, o anumang iba pang mga batayan na ipinagbabawal ng batas pederal, pang-estado o pang-lokal kapag gumagawa ng mga pagtutukoy sa tulong pinansiyal.

Magbibigay ang mga ospital ng Providence ng mga eksaminasyon sa pagsusuri ng medikal na emergency at paggamot para sa pagpapanatag ng pasyente, o isangguni at ilipat ang indibidwal kung ang paglipat na iyon ay naaangkop at alinsunod sa 42 C.F.R 482.55. Ipinagbabawal ng Providence ang anumang aksiyon, mga gawi sa pagpasok, o mga patakaran na pahihinain ang loob ng indibidwal na humiling ng pang-emergency na medikal na pangangalaga, tulad ng pagpapahintulot sa mga aktibidad sa pangongolekta ng utang na nagpapaantala sa probisyon ng pang-emergency na medikal na pangangalaga.

Listahan ng Mga Provider na Saklaw ng FAP ng Providence: Partikular na tutukuyin ng bawat ospital ng Providence ang isang listahan ng mga doktor, medikal na grupo, o ibang mga propesyonal na nagbibigay ng mga serbisyong saklaw at hindi saklaw ng patakarang ito. Ayon sa batas ng California, inaatasan ang mga doktor sa emergency room na nagbibigay ng mga pang-emergency na medikal na serbisyo sa mga pasyente sa mga ospital ng Providence sa California, na magbibigay ng mga diskuwento sa mga pasyenteng walang insurance o mga pasyenteng may mataas na pangmedikal na gastusin (ayon sa kahulugang ibinigay ng Hospital Fair Pricing Policies na nakabalangkas sa California Health and Safety Code (Seksiyon 127400-127446)) na nasa o mas mababa sa 350% ng FPL. Ibibigay ng bawat ospital ng Providence ang listahang ito sa sinumang pasyenteng hihiling ng kopya. Matatagpuan din online ang listahan ng provider sa mga website ng Providence:

www.providence.org.

Mga Kahingian sa Kwalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal: Handa ang tulong pinansiyal sa parehong mga pasyente at tagapanagot na walang insurance at mayroong insurance kung saan ang nasabing tulong ay alinsunod sa patakarang ito at mga batas pederal at pang-estado na namamahala sa mga pinahihintulatang benepisyo sa mga pasyente. Gagawa ng makatwirang pagsisikap ang mga ospital ng Providence upang tukuyin ang pag-iral o hindi pag-iral ng saklaw ng ikatlong partido na maaaring mayroon, nang buo o bahagya, para sa pangangalagang ibinigay ng mga ospital ng Providence, bago iton sa pasyente ang anumang pagsisikap sa pangongolekta.

Dapat kompletuhin ng mga pasyenteng naghahanap ng tulong pinansiyal ang pamantayang Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal ng Providence at ang kwalipikasyon ay ibabatay sa pinansiyal na pangangailangan sa panahong iyon. Gagawa ng mga makatwirang pagsisikap para abisuhan at ipaalam sa mga pasyente ang handang Tulong Pinansiyal sa pamamagitan ng pagbigay ng impormasyon sa panahon ng pagpasok at paglabas sa ospital, sa mga pahayag ng pagsingil ng pasyente, sa mga lugar ng paniningil na madaling napupuntahan ng pasyente, sa website ng ospital ng Providence, sa pamamagitan ng pasalitang pagbibigay ng abiso sa mga talakayan tungkol sa kabayaran, pati na rin sa mga nakapaskil sa mga lugar ng inpatient at outpatient na may maraming tao, tulad ng departamento ng admisyon at emergency. Alinsunod sa mga patakaran nito sa pagpapanatili ng mga tala, itatago ng Providence ang impormasyong ginamit para tukuyin ang kwalipikasyon.

Pag-aplay sa Tulong Pinansiyal: Maaaring humiling at magsumite ang mga pasyente o mga tagapanagot ng

Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal, na libre at handa sa ministryo ng Providence o sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan: pag-aabiso sa kawani ng mga serbisyong pampinansiyal para sa pasyente bago o sa panahon ng paglabas ng ospital na humiling ng tulong at nagsumite nang may kompletong dokumentasyon; sa pamamagitan ng pagsulat, o sa pagbisita sa www.providence.org, pag-download at pagsumite ng kinumpletong aplikasyon na may dokumentasyon. Bibigyan ng paunang pagsusuri ang taong nag-aaplay para sa tulong pinansiyal, na kabilangan ng pagsusuri kung ginamit ng pasyente ang anumang ikatlong partidong mapagkukunan ng kabayaran o kung hindi siya kwalipikado para rito.

Dapat na gawing available ng bawat ospital ng Providence ang nakatalagang kawani para tulungan ang mga pasyente sa pagkumpleto ng Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal at pagtukoy ng kwalipikasyon para sa tulong pinansiyal ng Providence o tulong pinansiyal mula sa mga programa sa insurance na pinopondohan ng pamahalaan, kung naangkop. Mayroong mga serbisyo sa pasalitang pagsasalin upang sagutin ang anumang mga tanong o alalahanin at upang tumulong sa pagkumpleto ng Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal.

Ang pasyente o tagapangot na maaring kwalipikadong mag-aplay para sa pinansiyal na tulong ay maaaring magbigay ng sapat na dokumentasyon sa Providence upang suportahan ang pagtukoy ng kwalipikasyon sa anumang oras pagkatapos malaman na ang kita ng partido ay mas mababa sa pinakamababang FPL (Pederal na Antas ng Kahirapan) ayon sa naangkop na mga Pederal at Pang-estado na regulasyon.

Indibidwal na Kalagayang Pampinansiyal: Gagamitin ang kita, mga pananalaping ari-arian at mga gastos ng pasyente sa pagsusuri ng indibidwal na kalagayang pampinansiyal ng pasyente. Hindi isasama sa mga pananalaping ari-arian ang mga plano sa pagreretiro o ipinagpalibang kompensasyon na kwalipikado sa ilalim ng Internal Revenue Code at hindi rin kasama ang mga hindi kwalipikadong plano sa ipinagpalibang kompensasyon.

Mga Kwalipikasyon sa Kita: Maaaring gamitin ang pamantayan sa kita, batay sa Federal Poverty Level (Pederal na Antas ng Kahirapan, FPL), sa pagtukoy ng kwalipikasyon para sa libre o diniskuwentong pangangalaga. Mangyaring tingnan ang Eksibit B para sa mga detalye.

Mga Pagtukoy at Pag-apruba: Makatatanggap ng abiso ang mga pasyente tungkol sa pagtukoy ng kwalipikasyon sa FAP sa loob ng 30 na araw ng pagsumite ng kinumpletong aplikasyon sa Tulong Pinansiyal at kinakailangang dokumentasyon. Pagkatapos matanggap ang aplikasyon, ibibinbin ang mga hindi pangkaraniwang pagsisikap sa pangongolekta hanggang maipadala sa pasyente ang nakasulat na pagtukoy ng kwalipikasyon. Hindi gagawa ang ospital ng pagtukoy ng kwalipikasyon para sa tulong batay sa impormasyon na pinaniniwalaan ng ospital na mali o hindi maaasahan.

Resolusyon ng Pagtatalo: Maaaring mag-apela ang pasyente sa isang pagtukoy ng hindi pagiging kwalipikado para sa tulong pinansiyal sa pamamagitan ng pagbibigay ng nauugnay na karagdagang dokumentasyon sa Providence sa loob ng 30 araw ng pagkakatanggap ng abiso ng pagtanggap. Susuriin ang lahat ng mga apela at kung pinagtibay ng pagsusuri ang pagtanggap, magpapadala ng nakasulat na abiso sa tagapanagot at sa State Department of Health (Departamento ng Kalusugan ng Estado), kung saan kinakailangan, at nang alinsunod sa batas. Matatapos ang huling proseso sa pag-apela sa loob ng 10 araw ng pagkakatanggap ng pagtanggap ng Providence. Maaaring magdapala ng apela sa Providence Regional Business Office, P.O. Box 3268, Portland, O sa 97208-3395.

Ipinagpapalagay na Kawanggawa: Maaaring aprubahan ng Providence ang isang pasyente para sa pangkawanggawang pagsasaaayos ng kaniyang balanse sa account sa paraang maliban sa buong aplikasyon sa Tulong Pinansiyal. Gagawin ang mga nasabing pagtukoy sa ipinagpapalagay na batayan gamit ang isang kagamitan sa pagsusuri na kinikilala ng industriya na sumusuri sa kakayahang magbayad batay sa mga pampinansiyal na tala na handa sa publiko o ibang mga tala, kabilang ngunit hindi limitado sa kita ng sambahayan, laki ng sambahayan, at kasaysayan ng kredito at pagbabayad.

Iba Pang Mga Espesyal na Sitwasyon: Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa mga kwalipikadong programa ng FPL tulad ng Medicaid, Medi-Cal, at ibang mga iniisponsoran ng pamahalaan na programang tulong

sa may mababang kita, ay itinuturing na taong naghihirap. Kung sa gayon, ang mga nasabing pasyente ay kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal kapag tumanggi ang mga programa sa pagbabayad at itinuturing na sinisingil ang mga bayarin sa pasyente. Ang mga balanse sa account ng pasyente na nagresulta mula sa mga hindi nabayaran na singilin ay kwalipikado para sa ganap na pangkawanggawang pagbabawas. Partikular na kasama bilang kwalipikado ang mga singilin na may kaugnayan sa mga sumusunod:

- Mga tinanggihang inpatient na pananatili
- Mga tinanggihang araw ng inpatient na pangangalaga
- Mga hindi saklaw na serbisyo
- Mga pagtangi ng Treatment Authorization Request (Kahilingan para sa Pahintulot sa Paggamot, TAR)
- Mga pagtanging dulot ng limitadong saklaw

Mga Pang-medikal na Gastos Dulot ng Sakuna: Sa pagpapasiya ng Providence, maaari itong magbigay ng kawanggawa sa oras ng sakuna na nangangailangan ng pang-medikal na gastos. Pangangasiwaan ang mga pasyenteng ito sa indibidwal na batayan.

Mga Panahon ng Emergency: Maaaring mayroong pinansiyal na tulong na available ayon sa pagpapasiya ng Providence sa mga panahon ng pambansa o pang-estadong emergency, na hiwalay sa tulong para sa mga catastrophic o napakalaking gastusin.

Limitasyon sa Mga Singilin para sa lahat ng Mga Pasyenteng Kwalipikado sa Tulong Pinansiyal: Walang sinumang pasyente na kwalipikado para sa alinman sa mga tinukoy na katagorya sa tulong sa itaas ang magiging personal na responsable para sa higit sa porsiyento ng “Amounts Generally Billed” (Mga Halagang Karaniwang Sinisingil, AGB) ng mga kabuuang singilin, na ipinaliwanag sa ibaba.

Makatwirang Plano sa Pagbabayad: Sa oras na maaprubahan ang pasyente para sa bahagyang tulong pinansiyal, ngunit mayroon pang natitirang balanse, makikipagkasundo ang Providence para sa isang kaayusan sa plano ng pagbabayad. Bubuuin ang plano sa makatwirang pagbabayad ng mga buwanang pagbabayad na hindi hihigit sa 10 porsiyento ng buwanang kita ng pasyente o pamilya, hindi kabilang ang mga pagbabawas para sa Mga Mahahalagang Gastos sa Pamumuhay na inilista ng pasyente sa kaniyang aplikasyon sa tulong pinansiyal. Walang interes ang mga plano sa pagbabayad. Pahababain ang mga panahon ng mga plano sa pagbabayad para sa mga pasyenteng may nakabinbin na mga apela sa saklaw.

Pagsingil at Mga Pangongolekta: Ang anumang hindi pa nababayaranang mga balanseng inutang ng mga pasyente o tagapanagot pagkatapos ilapat ang mga nakahandang diskuwento, kung mayroon, ay maaaring isangguni sa mga pangongolekta. Ititigil ang mga pagsisikap sa pangongolekta ng mga hindi pa nababayaranang balanse habang nakabinbin ang panghuling pagtukoy ng kwalipikasyon sa FAP. Ang Providence ay hindi nagsasagawa, nagpapahintulot o nagpapahintulot sa mga ahensiya sa pangongolekta na magsagawa ng mga hindi pangkaraniwang aksiyon sa pangongolekta bago ang: (a) paggawa ng makatwirang pagsisikap upang tukuyin kung kwalipikado ang pasyente para sa tulong pinansiyal; o (b) 120 araw pagkatapos ipadala ang unang pahayag sa pasyente. Para sa impormasyon sa pagsingil at mga kasanayan sa pangongolekta ng Providence ng mga halagang inutang ng mga pasyente, mangyaring tingnan ang patakaran ng ospital ng Providence, na makukuha ng libre sa desk sa pagpaparehistro ng bawat ospital ng Providence, o sa: www.providence.org.

Mga Refund o Bayarin sa Pasyente: Sa pangyayaring magbayad ang pasyente o ang tagapanagot para sa mga serbisyo at pagkatapos ay natukoy bilang kwalipikado para sa libre o diniskuwentong pangangalaga, ang anumang kabayaran na may kaugnayan sa mga serbisyong iyon, sa panahon ng pagiging kwalipikado sa FAP, na lagpas sa obligasyon sa pagbabayad, ay babayaran, alinsunod sa mga regulasyon ng estado.

Taunang Pagsusuri: Susuriin sa taunang batayan ng isang itinalagang pinuno ng Revenue Cycle ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng Providence.

MGA PAGBUBUKOD:

Tingnan ang Saklaw sa itaas.

MGA KAHULUGAN:

Para sa mga layunin ng patakarang ito, angkop ang mga sumusunod na mga kahulugan at kahingian:

1. Federal Poverty Level (Pederal na Antas ng Kahirapan, FPL): Ang FPL ay tumutukoy sa mga pamantayan sa kahirapan na pana-panahong ina-update sa Pederal na Rehistro ng United States Department of Health and Human Services (Departamento ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao ng Estados Unidos).
2. Amounts Generally Billed (Mga Halagang Karaniwang Sinisingil, AGB): Ang mga halagawang karaniwang sinisingil para sa pangangalagang pang-emergency at iba pang pangangalagang medikal na kinakailangan sa mga pasyenteng may insurance sa kalusugan ay tinutukoy sa patakarang ito bilang AGB. Tinutukoy ng Providence ang nalalapat na porsiyento ng AGB para sa bawat ospital ng Providence sa pamamagitan ng pagmumultiplika ng kabuuang singilin ng ospital sa anumang pangangalagang pang-emergency o medikal na kinakailangan sa nakapirming porsiyento na batay sa mga paghahabol na pinahihintulutan sa ilalim ng Medicare. Makukuha ang mga listahan ng impormasyon na nagdedetalye sa mga porsiyentong ginagamit ng bawat ospital ng Providence, at kung paano kinakalkula ang mga iyon, sa pamamagitan ng pagbisita sa sumusunod na website: www.providence.org o sa pagtawag sa 1-866-747-2455 upang humiling ng kopya.
3. Extraordinary Collection Action (ECA, Hindi Pangkaraniwang Aksiyon sa Pangongolekta): Ang mga ECA ay tumutukoy sa mga aksiyon na nangangailangan ng legal o panghukuman na proseso, kinabibilangan ng pagbebenta ng utang sa ibang partido, o pag-uulat ng taliwas na impormasyon sa mga ahensiya o kawanihan ng kredito. Kabilang sa mga aksiyon na nangangailangan ng legal o panghukuman na proseso para sa layuning ito ang prenda; pagremata ng tunay na ari-arian; pag-ilit o pagsamsam ng account sa bangko o iba pang personal na ari-arian; pagsisimula ng isang aksiyong sibil laban sa isang indibidwal; mga aksiyon na nagdudulot ng pag-aresto sa isang indibidwal; mga aksiyon na nagreresulta sa pagharap sa korte; at pagsamsam ng sahod.
4. Mga Matataas na Pangmedikal na Gastusin: Ang mga mataas na pangmedikal na gastusin ay ang mga binibigyang-kahulugan ng Hospital Fair Pricing Policies - California Health and Safety Code (Seksiyon 127400-127446) bilang: (1) taunang gastos mula sa sariling bulsa ng indibidwal sa ospital ng Providence na lumalagpas sa 10 porsiyento ng kita ng pamilya ng pasyente sa nakaraang 12 buwan, (2) taunang gastos mula sa sariling bulsa na lumalagpas sa 10 porsiyento ng kita ng pamilya, kung magbibigay ang pasyente ng dokumentasyon ng mga medikal na gastusin ng pasyente na binayaran ng pasyente o ng pamilya ng pasyente sa nakaraang 12 buwan, o (3) mas mababang antas na tinukoy ng ospital ng Providence alinsunod sa patakaran ng ospital sa pangangalagang pangkawanggawa ng Providence.

MGA SANGGUNIAN:

<i>Internal Revenue Code Section 501(r); 26 C.F.R. 1.501(r)(1) – 1.501(r)(7)</i>
<i>California Health and Safety Codes seksiyon 127000 -127446</i>
<i>Emergency Medical Treatment and Labor Act (EMTALA), 42 U.S.C. 1395dd</i>
<i>42 C.F.R. 482.55 at 413.89</i>
<i>American Hospital Associations Charity Guidelines (Mga Patnubay sa Pagkawanggawa ng Mga Asosasyon ng Ospital sa Amerika)</i>
<i>California Hospital Association Charity Guidelines (Mga Patnubay sa Pagkawanggawa ng Asosasyon ng Ospital sa California)</i>
<i>California Alliance on Catholic Healthcare Charitable Services Guidelines (Mga Patnubay sa Mga Serbisyo sa Pagkawanggawa ng Alyansa ng Katolikong Pangangalagang Pangkalusugan ng California)</i>
<i>Providence Commitment to the Uninsured Guidelines (Mga Patnubay sa Pangako ng Providence St. Joseph Health sa Mga Walang Insurance)</i>



Provider Reimbursement Manual, Bahagi I, Kabanata 3, Seksiyon 312



Eksibit A – Listahan ng Mga Saklaw na Pasilidad

Mga Ospital ng Providence sa Timog California	
Providence Saint Joseph Medical Center	Providence Holy Cross Medical Center
Providence Little Company of Mary Medical Center San Pedro	Providence Saint John's Health Center
Providence Cedars-Sinai Tarzana Medical Center	Providence Little Company of Mary Medical Center Torrance

Eksibit B - Mga Kwalipikasyon sa Kita para sa Mga Ospital ng Providence sa Timog California

Kung...	Kung sa gayon ay ...
Ang taunang kita ng pamilya, na inayos para sa laki ng pamilya, ay nasa o mas mababa sa 300% ng mga kasalukuyang patnubay sa FPL,	Tinutukoy ang pasyente bilang taong may kahirapang pinansiyal, at kwalipikado para sa tulong pinansiyal na 100% pagbabawas sa mga halaga ng pananagutan ng pasyente.
Ang taunang kita ng pamilya, na inayos para sa laki ng pamilya, ay nasa o nasa gitna ng 301% at 350% ng mga kasalukuyang patnubay sa FPL,	Kwalipikado ang pasyente para sa diniskuwento na 75% mula sa mga orihinal na singilin sa mga halaga ng pananagutan ng pasyente.
Kung ang taunang kita ng pamilya, na inayos para sa laki ng pamilya, ay nasa o mas mababa sa 350% ng FPL <u>AT</u> ang pasyente ay mayroong kabuuang medikal na gastos sa mga ospital ng Providence sa nakaraang 12 buwan na sobra sa 20% ng kanilang taunang kita ng pamilya, na inayos para sa laki ng pamilya, para sa mga serbisyong saklaw ng patakarang ito,	Kwalipikado ang pasyente para sa 100% pangkawanggawang benepisyo sa mga halaga ng pananagutan ng pasyente.